

が っ こ う だ い

学校大すき!

GAKKOU DAISUKI! GUSTONG GUSTO KO ANG PAARALAN
~ UNAWAIN NATIN ANG PAARALAN NG LUNGSOD NG
SHIZUOKA PARA SA ATING ANAK~

PILIPINO
[フィリピン語版]



静岡市教育委員会学校教育課・静岡大学教育学部

KOMITE NG EDUKASYON SA LUNGSOD NG SHIZUOKA, SANGAY NG EDUKASYON ·
PAMANTASAN NG SHIZUOKA DEPARTAMENTO NG EDUKASYON

1 PAGPAPAKILALA NG LUNSOD NG SHIZUOKA

WELCOME to Shizuoka City!



Riverwel Ikawa Skiing ground



Shimizu Harbor Festival
(Kappore Dance)



Street performance World Cup
in Shizuoka



Shizuoka Oden



Shizuoka tea



Sakura Ebi

Ang Lungsod ng Shizuoka ay halos nasa kalagitnaan ng Japan. Sa Lungsod na ito itinayo ang tanggapan ng pamahalaan ng Prepektura ng Shizuoka at ito ay binubuo ng 3 distrito. Ang Lungsod ng Shizuoka ay mayaman sa kalikasan. Ang kabundukan ng Japanese Alps na may 3000 metrong taas ay nakahanay sa parteng Hilaga. Nasa Timog naman ang kalawakan ng Suruga Bay at Pacific Ocean. Pinagkakalooban naman ng malinis na tubig ng

Abe river at Okitsu river ang mga mamamayan ng Lungsod ng Shizuoka. Hindi lampas ang lamig at walang niyebe tuwing Taglamig sa Shizuoka, dahilan sa komportableng temperaturang ito, nakakapagtanim at nakakaani ng maraming gulay,

bulaklak at strawberries. Nang dahil din sa maganda ang kapanahunan at mayaman ang kalikasan, masasarap ang mga gulay at isda (popular ang Sakura Ebi-maliliit na Hipon at "Shirasu" -maliliit na isda ng Suruga Bay) Sa paggamit ng mga pagkaing ito, maraming nagagawang produkto na naging popular kagaya ng Shizuoka Oden at iba pa lalong lalo na ang mga top class na produkto kahit na sa buong bansa tulad ng Mikan, Wasabi, strawberries at iba pa. Magandang tingnan ang Mt Fuji mula sa Lungsod ng Shizuoka kaya maraming tao ang bumibili sa mga lugar kagaya ng Miho at Nihon Daira.

**Pangunahing Kapistahan • Event
Ng Lungsod ng Shizuoka**
Abril - Shizuoka Festival
Hulyo - Shimizu Tanabata Festival
Abekawa Fireworks Shimizu Harbor Festival
Nobyembre - Street Performance World Cup in Shizuoka

Transportasyon ng Lungsod Ng Shizuoka
JR Shinkansen (mula Shizuoka Station)
hanggang Tokyo • Nagoya 1 oras
Tomei Highway (mula Shizuoka IC)
hanggang Tokyo • Nagoya 3 oras
Hanggang Mt. Fuji Shizuoka Airport (mula
Shizuoka Station) 40 minutos



Shimizuku

興津川 Okitsu river

三保Miho 駿河湾Suruga bay

Abekawa

Nihondaira

Surugaku



Tanawin ng Mt. Fuji mula Miho

2 TUNGKOL SA PAARALAN NG JAPAN

(1) ANG SISTEMA NG EDUKASYON NG JAPAN

① Sistema ng Edukasyon sa Paaralan ng Japan

	Pasukan	Abril						Abril			Abril			Abril					
Edad																			
	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20	21	22
Paaralan	Kindergarten (Nursery)		Mababang Paaralan (6 na taon)						Junior High Sch.(3 taon)			Senior High Sch.			Pamantasan				
	Kompulsaryong Edukasyon (9 na taon)																		

- a. Ang kompulsaryong edukasyon ng Japan ay 9 na taon, magmula sa buwan ng Abril nang ang bata ay nasa 6 na taong gulang na hanggang buwan ng Marso nang ang bata ay nasa 15 taong gulang. Bago ang kompulsaryong edukasyon, karamihan ng mga bata ay pumapasok sa Kindergarten o Nursery. Higit sa 97% ng mga bata ay nag-aaral hanggang sa Senior high school. (tingnan sa →P 8)
- b. Ang paaralan ng Japan ay pinaghati sa 2 uri. Ang Pampublikong paaralan na itinatag ng pamahalaan ng bansa, prepektura at lungsod habang ang Pamribadong Paaralan ay itinayo ng mga pribadong samahan.
- c. Sa loob ng panahon ng kompulsaryong edukasyon (9 na taon) walang bayad ang pag-aaral sa Pampublikong mababang paaralan at Junior high school maliban na lamang sa iba' t ibang gastusin sa paaralan (kabilang na ang school lunch) kung saan kailangan ng bayad.
Gayon pa man, kailangan magbayad sa pag-aaral sa Pampublikong Kindergarten (nursery), Senior High school, Pamantasan at ang sa pag-aaral sa Pribadong paaralan.
- d. Sa mababang paaralan at Junior high school, nakatakda na ang paaralang papasukan sa bawat distrito.
※ Ito ay tinatawag na school district.
※ Hindi makakalipat sa ibang school district kung walang tanging kadahilanan.
- e. Sa mababang paaralan, ang nagtuturo ng halos lahat ng klase ay ang homeroom teacher.
sa Junior high school, ang nagtuturo ng klase ay ang subject teacher (nagtuturo ang gurong may espesyalisasyon sa subject).

Ang 1 taon ng sa Mababang paaralan at Junior high school sa Lungsod ng Shizuoka

Buwan											
4	5	6	7	8	9	10	11	12	1	2	3
Pasukan Pagtaas ng Grado				Summer break				Winter break	Pagtaas ng grado Graduation		Spring break
Unang semestre							ika-2 semestre				

- f. Nagsisimula ang pag-aaral sa bagong grado mula sa buwan ng Abril at nagtatapos sa buwan ng Marso. May 2 semestre ng panahon ng pag-aaral sa mababang paaralan at Junior high school sa Lungsod ng Shizuoka, unang semester at ika-2 semestre. Sa loob ng unang semester ay may summer break. Ang unang semester ay hanggang sa kalagitnaan ng Oktubre. Makalipas nito, hanggang Marso ay ika-2 semestre at sa loob naman ng semestrong ito ay may winter break.
- g. Pagkatapos ng bawat semestre, nakakatanggap ng card ng marka ng pag-aaral ang bawat bata na ang tawag ay “tsuushinhyou”. Nakasulat sa card na ito ang kalagayan ng pag-aaral at asal ng bata sa loob ng paaralan. (Sa mababang paaralan) tinatasa sa 3 antas ang kalagayan ng pag-aaral at (junior high school) tinatasa ang kalagayan ng pag-aaral sa 5 antas. (tingnan sa p.28)

②Gastusin sa Paaralan

Walang bayad ang pag-aaral sa pampublikong mababang paaralan ngunit may iba't ibang gastusin sa paaralan kagaya ng sumusunod.

※Halimbawa ng mababang paaralan • junior high school, iba ang pangalan ng gastusin at halaga depende sa paaralan


- PTA membership fee- panggastos para sa gawain ng mga magulang sa bawat Paaralan para sa komite ng pag-aayos ng kapaligiran, komite ng edukasyon sa kalusugan, at komite ng adult education.
- Grade fee - para sa gastos sa gamit ng pagtuturo sa mga mag-aaral
- Pupils Organization fee (mababang paaralan). Students organization fee (junior high school - panggastos para sa mga gawain ng komite ng mga bata (komite ng pananim, komite ng bulletin at iba pa)
- School lunch fee - bayad para sa pananghalian ng mga bata.
- Savings ng Grado - iniipong halaga para sa panggastos sa study tours at excursion. [Paraan ng pagkolekta]

Depende sa Paaralan. 2 uri ng pamamaraan ng pagkolekta, maraming paaralan ang gumagawa ng kahit alin sa bawat pamamaraan.

- Bank transfer sa itinakdang bank account number ng paaralan. - Kinukuha sa banko ang halaga bawat buwan, bawat pangatlong buwan o bawat kalahatiang taon.
- Takdang araw ng pagkolekta ng paaralan - Inilalagay sa sobre ang pera, at ipinapadala sa mga mag-aaral.

③ Pamamaraan pagkatapos ng kompulsaryong edukasyon

Nagtatapos ang kompulsaryong edukasyon pagkaraan ng graduation sa junior high school. Pag-uusapang mabuti ng magulang at anak kung ano ang gagawin pagkatapos ng pag-aaral.



※ Correspondence System: Pangunahing pag-aaralan ang mga subjects sa bahay. Mag-aaral na gamit ang textbooks, at magbibigay ng report. Papasok sa paaralan, at patuloy na kukuha ng entrance examination. Mag-aaral ng higit sa 3 taon. Makakapagtapos ng pag-aaral kapag nakakuha ng kinakailangang units. Mayroong Correspondence Course sa Shizuoka Kenritsu at Sa Shizuoka Chuo Senior High School.

Uri ng Senior High School

Senior High School

Public Senior High Sch...Shizuoka Prefectural Senior High Sch. At Shizuoka Prefectural Senior High Sch.

Private Senior High Sch... Itinatag ng mga pribadong samahan

Iba't ibang klase sa Senior High School

- Karaniwang klase...Mas malalim ang nilalaman ng pag-aaralan mula sa Junior High School
- Specialized Subjects... Commerce (Shizuoka Prefectural Commercial Senior High Sch., at iba pa)
 Agriculture (Shizuoka Prefectural Agricultural Senior High Sch.)
 Industry (Shizuoka Prefectural Industrial Senior High Sch.)
 Iba pa (English Mathematics Course, Science Mathematics Welfare Course, Domestic Science Information course at iba pa)

Sa bawat paaralan pinag-aaralan ang mga kaalaman para maging espesyalista.

Makakahingi ng mga polyeto ng bawat paaralan sa homeroom teacher ng Junior high school.
Sa buwan ng Agosto makakapasok ng 1 araw sa Pampublikong Senior high school.

(Para lamang sa mga 3rd year Junior high school.)

Sa mga Pribadong Senior high school isinasagawa naman ng ilang beses ang orientation para sa mga magulang at mag-aaral.

【Ang pagkakaiba ng Klase sa Araw at Klase sa Gabi】 ※Ang sumusunod ay karaniwang halimbawa:

Klase sa araw … 8:30 ~ 16:00

50 minutos bawat klase 6 oras ng pagkaklase sa 1 araw

Makakapagtapos sa loob ng 3 taon

Klase sa Gabi… Makakapag-aral sa high school habang nagtatrabaho.

Kursong makakapagtapos sa loob ng 3 taon

16:00 ~ 21:00 45 minutong klase 1 araw - 6 na oras na pagkaklase

Kursong makakapagtapos sa loob ng 4 taon

18:00 ~ 21:00 45 minutong klase 1 araw - 4 na oras na pagkaklase

Senior High school sa Lungsod ng Shizuoka Klase sa Gabi (School Year 2008)

Shimizu Higashi Senior High School

Shizuoka Senior High School

Shizuoka City Public Senior High School

Science and Technology Senior High School

Technical College

Kurso upang maging espesiyalista sa Industrial, Commercial Practice, Cooking, Barber, Cosmetics & Hairdresser college. Makakapagtapos sa loob ng 1 ~ 3 taon

Sa pagpasok sa Senior High Sch.

Kailangang kumuha ng entrance examination para makapag-aral sa Senior High School (Pebrero - Private) (Marso - Public)

Dagdag pa, pinagpapasiyahan kung pasado o hindi sa pamamagitan ng pagsa-alang alang ng kabuuan ng mga bagay na nakasulat na papeles na ibinibigay sa senior high school kagaya ng marka sa pag-aaral sa Junior high school, ang pamumuhay, club activities at iba pa.

Sa Junior high school ay mayroong polyeto ng mga Senior High School at papeles tungkol sa sistema ng entrance examination. Humingi ng payo sa homeroom teacher sa pagpasiyang mga susunod na pamamaraan.

Mas malaki ang gagastusing halaga sa pagpasok sa Pribadong Senior High School at Technical college kaysa Pampublikong Senior High School.

④ MGA NILALAMAN NG KLASE SA MABABANG PAARALAN • JUNIOR HIGH SCHOOL

A. KLASE SA MABABANG PAARALAN

GRADE	SUBJECTS
Grade 1 Grade 2	Wika (Nihongo) Arithmetic Pamumuhay Musika Arts Physical Education
Grade 3 Grade 4	Wika (Nihongo) Arithmetic Social Studies Science Musika Arts Physical Education
Grade 5 Grade 6	Wika (Nihongo) Arithmetic Social Studies Science Musika Arts P.E. Home Economics English Activities

I. Nilalaman ng Klase sa Junior High School

Grade 1 ~ 3 common	Wika (Nihongo) Arithmetic Social Studies Science Musika Arts Health Technology • H.E. English
-----------------------	--

U. Iba pa • Aralin sa Mababang Paaralan At Junior High School

Common sa Mababang Paaralan • Junior High Sch.	Moral (Pag-aaral ng buhay ng tao.) Special Activities (School Events, Gawain ng Komite, Gawain ng Club, activities ng samahan ng mga mag-aaral, Gawain ng bawat seksiyon) Panlahat na pag-aaral (Elementarya, Grade 3)
--	---


Halimbawa (Magtanong sa guro para sa mga detalye)

Wika



Nihongo Kuwento
Paliwanag Poetry Tanka poem
Pagsusulat classic iba pa

Arithmetic. Mathematics




Bilang Kuwenta Figure
Quantity & Measurement
iba pa

Social studies



Heograpiya ng Japan at ang Mundo
Kasaysayan at Politiko ng Japan •
Ekonomiya at Internasyonal iba pa

Science



Biology Chemistry
Physics astronomy
Meteorology iba pa

Musika



chorus instrumental
appreciation iba pa

Drawing • Arts



painting handicraft
plastic arts design
iba pa

P. E. • Health



Basic Exercise track &
Field swimming
Iba 't ibang game iba pa

Technology



✂para lang sa Junior high sch.
carpentry metal processing
electric machine feature

Home Economics



sewing cooking
nutrition environment
living iba pa

English



✂para lang sa Junior high sch.
Conversation grammar
Essay
Iba pa

Living



✂para lang sa elem. Grade 1 • 2
daan papunta sa school family
nature observation
pag-alaga ng halaman iba pa

General learning



Sarili mismo ang maghahanap ng tema
Pag-aaralan ang paraan ang paglutas
sa sariling pag-iisip
international understanding, environment
Welfare actual work training

✂May pag-aaralang wikang dayuhan ang elem. grade 5 • 6

✂Sa Junior High Sch. Ang mga mag-aaral ay lalabas sa paaralan nang 3 araw para magtraining sa trabaho. (Karaniwan isinasagawa ito ng mga 2nd year.)

(2) SA PAGPASOK SA PAARALAN “SA PAGLIPAT NG PAARALAN.

① PAGPASOK SA PAARALAN NG JAPAN [PARAAN NG PAGLIPAT GALING SA IBANG PAARALAN]

A. Pumunta kayo sa tanggapan ng pamahalaan ng tinitirhan ninyong ward. Magparehistro sa Alien registration Section.



I. Pumunta sa Education Committee, Educational Affairs Section (Shizuoka City, Shimizu General Affairs Office, 9th Floor). Educational Affairs Section, tatanungin kayo tungkol sa edad ng inyong anak, at kalagayan ng kanyang pamumuhay sa paaralan sa inyong bansa.

※Sa Japan parehong grado ang Papisukan ng mga mag-aaral na ang kaarawan ay magmula Ika-1 ng Abril ng nakaraang taon hanggang Ika-2 ng Abril ng taong pagpasok sa paaralan.



U. Sa Mababang paaralan at Junior high School, itinatagda ang school district.

(Pinagpapasiyahan ang paaralang papasukan sa lugar na inyong tinitirhan.)

Ang Educational Affairs Section ang nagpapasiya kung saang paaralan ang bata papasok, kailangang itakda ang araw at oras sa pagpunta sa papasukang paaralan.



E. Humiling sa Educational Affairs Section ng mga kailangang papeles sa pagpasok sa paaralan. Kapag hindi nakaka-intindi ng Nihongo ang bata, pumunta sa “Nihongo Shido Center” para sa orientation.

“Nihongo Shido Center” “Mga klase sa Nihongo” [P 4 1 ~ 4 4]

- ① 1~2 beses sa 1 linggo – Mag-aaral ng Nihongo
- ② Pupunta sa paaralan ang guro para turuan ang bata ng Nihongo
- ③ Bibisita sa paaralan adviser na nakakapagsalita ng sariling wika ng bata para tanungin ang bata sa kanyang pamumuhay sa paaralan ng Japan.
(Portuguese, Spanish, Chinese, Korean, Pilipino at Thai)



O. Pumunta sa itinakdang paaralan sa pangakong araw at oras.

Iinterbyuhin ang bata ng principal at home room teacher pagkatapos, pagpapasiyahan ang seksiyon na papasukan ng bata. Magtanong kayo kung may bagay na hindi naunawaan.



② Sa paglipat sa Paaralan ng Japan “paraan ng paglipat sa ibang paaralan”

Kapag nakapagpasiya nang lilipat ng paaralan, sabihin kaagad sa homeroom teacher at ang paaralan ang magsasagawa ng pamamaraan ng paglipat.

(3) KAGAMITAN SA PAG-AARAL • UNIPORME

① Parehong bagay na kailangang dalhin sa Mababang Paaralan at Junior High School.


※ Bilang patakaran kayo mismo ang bibili ng mga pangunahing bagay na halimbawa sa ibaba:
Magtanong sa paaralan para sa detalye.

<p>Panulat</p> 	<p>Textbook</p>  <p>※Ibibigay ng paaralan</p>	<p>Notebook</p> 	<p>Indoor shoes</p> 
<p>Panyo • tissue</p> 	<p>Crayon, Drawing set</p> 	<p>Ruler, triangle, compass, protractor</p> 	<p>Name tag</p> 
<p>PE Uniform • PE Shoes</p> 	<p>P.E. Cap</p>  <p>Gymnasium shoes Depende sa paaralan</p>	<p>Swimming wear</p> 	<p>Skipping rope</p> 
<p>Sewing kit</p>  <p>gunting • karayom • sinulid • Tape measure at iba pa.</p>		<p>Calligraphy tools</p>  <p>panulat na brush • ink stone • paperweight • desk pad</p>	
<p>School lunch set</p> 	<p>Dust cloth</p> 	<p>Chisel</p> 	<p>Disaster prevention hood</p> 

※Sulatan ng pangalan ang sariling gamit.

② Bagay na kailangang dalhin sa Mababang Paaralan

※Halimbawa ng mga pangunahing bagay




③ Uniporme ng Mababang Paaralan

Hindi naman itinatakda ang uniporme. Magtanong sa paaralan tungkol sa detalye.

④ Bagay na kailangang dalhin sa Junior High School.

※Bilang patakaran kayo mismo ang bibili ng mga pangunahing bagay na halimbawa sa ibaba: Magtanong sa paaralan para sa detalye.



⑤ UNIPORME SA JUNIOR HIGH SCHOOL

Mayroong takdang uniporme ang bawat paaralan.

[Unipormeng panlalaki]

Mayroong closed collar uniform (gaya ng litrato sa kanan) at mayroong blazer.

[Unipormeng pambabae]

Mayroong blazer. at mayroong sailor suit. (gaya ng litrato sa kanan)

[gym uniform]

May nakatakdang gym uniform sa bawat paaralan



Halimbawa ng Uniporme: panlalaki pambabae

(4) KALUSUGAN AT KALIGTASAN SA PAARALAN

① Kung sumama ang pakiramdam sa paaralan ano ang dapat gawin?

Kung nasugatan ano ang gagawin? Kapag sumama ang pakiramdam sa paaralan o nasugatan, pumunta sa school health room at magpagamot sa school nurse. Makaka pagpahinga rin sa school health room.



② Ano ang physical check-up?

※Sa pagpacheck-up ng parte sa loob ng katawan at puso, maaaring ipahubad ang pang-itaas na damit.

※Bago ang physical check-up, may ipapamahaging katanungan tungkol sa kalusugan. Dalhin ito sa bahay at sagutin ang mga tanong at ipadala muli sa anak sa paaralan.

※Kapag ang resulta ng check-up ay may nakitang sakit sa katawan sa paaralan. Kung maaari pumunta kaagad sa pagamutan.

③ Ano ang pagsukat ng katawan?

Taon taon tuwing buwan ng Abril, Isinasagawa ang pagsukat ng bigat ng katawan, tangkad, sitting height, at eyesight at hearing. Sa loob ng taon ilang beses din na sinusukat ang bigat ng katawan at tangkad.



④ Para sa pag-alaga ng kalusugan mayroon pang ibang check-up kagaya ng sumusunod. Walang bayad kahit alin man sa check-up.

- Check-up para sa bulati...Sinisiyasat kung mayroong bulati ang puwit. Gagawin ito sa bahay, at ibibigay sa paaralan.

(Isasagawa ito sa loob ng 2 araw. Hanggang Grade 3)

- Check-up ng Ihi...Kukunin ang ihi sa umaga sa bahay, at ibibigay sa Paaralan.
- X-ray...Isasagawa ang X-ray ng baga sa paaralan. Para sa paghadlang sa sakit na tuberkulosis.

⑤ Kapag naaksidente, may babalik na pera sa mag-aaral.

Kapag nagkaroon ng sugat dahil sa aksidente habang nagkaklase o sa oras ng pahinga sa loob ng paaralan, may ibabalik na pera para sa ginastos sa pagpapagamot.

※Ngunit hindi mabibigyan ang mag-aaral kung ang gastos sa pagpapagamot ay hindi umabot sa ¥5000.

※Ibibigay ng paaralan ang Pormularyo A na nasa kanan, pasulatan ito sa pagamutang pinagpagamutan at ibigay sa paaralan.

Pormularyo A

明細書(1)		医療等の状況		学校(保育園)記入欄	
				立	学校
				平成	年 月 日
被災児童 生徒等	氏名	男	昭和	年	月 日 生
		女	平成	年	月 日 生
傷 病 名	(1) (2) (3)	診察実日数		転	帰
診療開始日	(1) 平成 年 月 日 (2) 平成 年 月 日 (3) 平成 年 月 日	日	日	治	死 中 亡 止
診療 費 額	外 患 に 係 る 療 費	入 院 に 係 る 療 費			
	十 万 千 百 十 一 点	日 数	十 万 千 百 十 一 点	返	
		日 間	入 院 に 係 る 食 事 療 養 費 準 備 費 担 当 日 間	円	
上記のとおりです。 平成 年 月 日 医療機関所在地及び名称 氏 名 印					
診 決		外 患 に 係 る 療 養 分	10円×	点× $\frac{1}{10}$ =	円
		入 院 に 係 る 療 養 分	16円×	点× $\frac{1}{10}$ =	円
		入 院 に 係 る 食 事 療 養 費 準 備 費 担 当			円
		合 計			円

⑥Mayroon bang sakit na kapag nahawaan ang mag-aaral ay hindi pinapayagang pumasok sa paaralan hanggang sa gumaling?

- Kapag nagkasakit ng sakit na nakakahawa ng kagaya sa ibaba. Hindi maaaring pumasok sa paaralan hangga' t walang kapahintulutan ang doktor. Sa pagkakataong ito, ang tawag ay hindi "absent" sa paaralan, kundi "pagpapatigil"



Pormularyo B 「Pabatid ng pagpapahinto ng pagpasok」
「Kahahintulutan ng pagpasok」

※Kapag gumaling na, Pasulatan sa doktor ang pormularyo para sa kapahintulutan ng pagpasok na nasa kanan (makukuha ito sa paaralan). At ibigay sa paaralan ang pormularyong sinulatan ng doktor. Kapahintulutan ng pagpasok (pinaliit)

(A-様式1) 平成 年 月 日
 保護者様
 年 組 氏名
 学校(園)長名

学校伝染病による出席停止のお知らせ

お子様は、下記の疾病(○印)にかかっているか、またはその疑いがあります。つきましては、学校保健法第12条の規定により、出席停止をしてください。なお、病気が治りましたら、下の登校(園)許可証明書に医師に記入してもらい、学級担任へご提出ください。

種	○印	伝染病名	出席停止の期間の基準 (ただし、疾病により医師が伝染のおそれがないと認めるときは、この限りではない)
1		病名()	治療するまで。
2		インフルエンザ	解熱した後2日を経過するまで。
		百日咳	特有の咳(せき)が消失するまで。
		麻疹(はしか)	解熱した後3日を経過するまで。
		流行性耳下腺炎(おたふくかぜ)	耳下腺の腫脹が消失するまで。
		風疹	発疹が消失するまで。
		水痘(水疱瘡)	すべての発疹が痂皮化するまで。
		咽頭結膜熱	主要症状が消退した後2日を経過するまで。
3		結核	症状により医師が伝染のおそれがないとみとめるまで。
		コレラ	症状により医師が伝染のおそれがないとみとめるまで。
		細菌性赤痢	
		腸管出血性大腸菌感染症	
		腸チフス	
		パラチフス	
		流行性角結膜炎	
	急性出血性結膜炎		
	その他の伝染病()		

※ 学校保健法12条には、「校長は、伝染病にかかっており、かかっている疑いがあり、又はかかるおそれのある児童、生徒、学生又は幼児があるときは、政令で定めるところにより、出席を停止させることができる。」と定められています。

登校(園)許可証明書

学校(園)長様
 年 組 氏名
 (保護者記入)

1 病名を記入または、○で囲んでください。

第一種	病名()
第二種	インフルエンザ 百日咳 麻疹 流行性耳下腺炎 風疹 水痘 咽頭結膜熱 結核
第三種	コレラ 細菌性赤痢 腸管出血性大腸菌感染症 腸チフス パラチフス 流行性角結膜炎 急性出血性結膜炎 その他の伝染病()

2 停止期間 月 日から 月 日まで

上記の者の病気は伝染する恐れがなくなりましたので、登校(園)しても差し支えないものと認めます。

平成 年 月 日
 医師名 _____ 印 _____
 (19. 4. 12)

KASAPI BA KAYO SA NATIONAL HEALTH INSURANCE?

Para sa mga taong hindi kasapi sa health insurance ng kompanya, nagparehistro bilang dayuhan, nang pumasok sa Japan binigyan ng tanggapan ng imigrasyon nang higit sa isang taong kapahintulutan ng pananatili sa Japan, o pinahintulutang manatili sa Japan nang higit sa isang taon ay kinakailangang sumapi sa national health insurance.

KUNG SUMAPI SA NATIONAL HEALTH INSURANCE?

Makakapagpagamot nang 30% lamang ang babayaran sa buong gastos ng pagpapagamot kapag may ipinakitang health insurance certificate sa pagamutan.

ANG BAYAD SA NATIONAL HEALTH INSURANCE?

Kailangang sumapi ang bawat pamilya, pagpapasiyahan ang bayad sa seguro ayon sa kita at bilang ng miyembro ng pamilya. Kailangang bayaran ang seguro mula sa Abril ng taong kasalukuyan hanggang sa buwan ng Marso ng susunod na taon at sa loob ng kasalukuyang taon mula buwan ng Hunyo hanggang buwan ng Marso ng susunod na taon. Paghahatiin nang 10 beses ang bayad sa seguro.

※Kung may katanungan, tumawag o magsadya sa:

AOI WARD TEL 054-221-1070 FAX 054-254-2216

SURUGA WARD TEL 054-287-8621 FAX 054-287-8705

SHIMIZU WARD TEL 054-354-2141 FAX 054-353-7520

CAMBARA GOV' T OFFICE, CITIZENS LIVING IN CHARGE TEL 054-385-7780

YUI GOV' T OFFICE TEL 054-376-0118

⑦ MAG-INGAT TAYO PARA SA KALIGTASAN.

• Huwag tayong tumakbo nang biglaan sa daanan ng sasakyan.



• Huwag tayong tumakbo sa corridor.



• Huwag tayong pumasok sa mapanganib na lugar.



• Huwag tayong sumunod sa nakakadudang tao.

Kung makaramdam ng panganib sumigaw nang malakas.

※Laging dalhin ang “Bohan buzzer” -buzzer sa pag-iingat sa masamang tao.

Mas makakabuting ikabit ito sa school bag.



(5) "Tsuushinhyou" REPORT CARD

Sa Mababang Paaralan at Junior High School sa Lungsod ng Shizuoka, ibinibigay sa magulang ang Report card ng anak, pagkatapos ng pag-aaral sa unang semestre at pagkatapos din ng ikalawang semestre. Sa pamamagitan ng report card ipinapakita ang kalagayan ng pag-aaral at pamumuhay ng mag-aaral sa paaralan. Sabihin at iparamdam sa anak ang inyong kasiyahan sa kanyang pagsisikap at bigyan ng pag-asa sa parteng kailangan pang pagbutihin.

① Tungkol sa pagtasa ng bawat klase.

Hindi lamang sa puntos ng pagsusulit kundi tatasahan din ng guro ang karaniwang kalagayan ng pag-aaral sa bawat klase ng mag-aaral.

※Halimbawa ng mga punto

- Ang kalooban ng kagustuhang mag-aral.
 - May sariling kaisipan at pinapahalagahan ang bagay.
 - Gumagawa ng bagay na ligtas at tamang paraan.
 - Nagkaroon ng kaalaman na kailangan sa pag-aaral.
- } Nagtatasa sa pagsa-alang
Sa bawat puntong ito.

②Tasa sa bawat punto

Sa bawat klase ang sa paghambing ng itinakdang bawat puntos ng Pagpapahayag ng kasiyahan sa pag-aaral, ang kalagayan ng pag-aaral ng mag-aaral ay itinatasa sa 3 antas.

A ... sapat na nasisiyahan
B ... halos nasisiyahan
C ... kailangang pagbutihin

Kahit sino naghahangad ng markang A , kapag nakamit ang hangarin nauugnay ito sa gana sa pag-aaral ng bata.

③ Marka ng bawat klase

Sa bawat klase, bubuuin ang pagtasa ng mga puntos at ibibigay ang sumusunod na marka.

※iba' iba ang paraan ng pagpapahayag ng bawat paaralan:

Marka ng bawat klase sa Mababang paaralan	3 ...sapat na nasisiyahan
	2 ...halos nasisiyahan
	1 ...kailangang pagbutihin

Marka ng bawat klase sa Junior high school	5 ...sapat na nasisiyahan • talagang pinagbuti
	4 ...sapat na nasisiyahan
	3 ...halos nasisiyahan
	2 ...kailangang pagbutihin
	1 ...mas kinakailangang pagbutihin

④Pagpapahayag ng asal.

Sa pagpapahayag ng asal ng bata sa paaralan, ipinapakita ng bawat paaralan ang tungkol sa mas mabuting pagpapahayag.

Hal.	A • ◎...sapat na nasisiyahan
	B • ○...halos nasisiyahan
	C •walang marka kailangang pagbutihin



3 ANG PAMUMUHAY SA PAARALAN

(1) ISANG ARAW NA PAMUMUHAY SA PAARALAN

① ISANG ARAW NG MAG-AARAL

Sa mga paaralan ng Japan ang lahat ay namumuhay na nag-iingat sa oras.

※Magtanong sa paaralan at isulat ang oras.

<input type="text"/> : Pagpasok  Dumaan sa itinakdang daanan papunta sa paaralan	<input type="text"/> : Meeting sa umaga  Tinitingnan ang kalusugan o umaawit. Nagsasalita ang homeroom teacher.	<input type="text"/> : Simula ng klase  Nagsisimula ang pagkaklase 1 subject 45 minutos. Sa umaga 4 na subjects.
--	---	--




※Kung hindi papasok, mahuhuli ng pagpasok, o uwi nang maaga dahil sa pagkakasakit o pangyayari sa loob ng bahay, kinakailangang ipalam sa paaralan.

→P 4 9 Sa umaga sulatan ang “CARD NG PABATID PARA SA PAARALAN” at ipadala ito sa paaralan. Maaaring ipadala ang card na ito sa papasok na kapatid o kaibigan.



※Nakatakda ang oras ng pagpasok sa bawat paaralan. Lumabas ng bahay sa oras na makakarating sa paaralan nang 5 minutos bago magsimula ang klase.

※Sa 1 buwan may isinasagawang meeting sa buong paaralan. Kailangang magtipon tipon Ang mga mag-aaral sa playground o gymnasium. Pakikinggan ang sasabihin ng mga guro, Umaawit o naglalaro.

<input type="text"/> : School lunch  Masayang kakain ng parehong pagkain ang lahat na mag-aaral at guro. Palitan ang tagapag-silbi ng pagkain.	<input type="text"/> : Pahinga sa tanghalian  Naglalaro sa playground. Nagbabasa ng libro sa aklatan	<input type="text"/> : Paglilinis  Pinaghahati ang paglilinis. Pinagbubuti ng lahat ang paglilinis.
--	--	---

※ Ang oras ng pahinga ay sa gitna ng bawat klase. May paaralan din na ang pahinga ay 20 minutos pagkatapos ng ikalawang klase.

May mga batang nakatalagang tagapagsilbi.

Magsusuot sila ng nakatakhang apron, dadalhin ang pagkain at ipapamahagi sa mga kaklase. (Tingnan ang page 34)



✘Maaaring padadalhin ng baon ang mga mag-aaral sa mga araw bago o pagkaraan ng summer vacation, winter vacation, spring vacation o kung may event sa paaralan. Ipapaalam ng paaralan sa mga mag-aaral kung kailan magdala ng baon.

✘Ang pangunahing pagkaing maaaring ilagay sa lalagyan ng baon ay kanin, onigiri, tinapay, sandwich at iba pa. Ang ulam ay maaaring karne, gulay o prutas at iba pa. Pagpapasiyahan ng bawat pamilya ang laki ng baon ayon sa laki, edad, at gana sa pagkain ng bata. Dalhin ang baon sa paaralan na nakabalot.

✘Habang kumakain, madalas na laman ng pag-uusap ng mga magaaral ang baon kaya' t ayusin ang baon sa bahay para masiyahan ang bata.

✘Sa karaniwang araw, ipinagbabawal ang magdala ng pagkain (baon o miryenda) sa paaralan liban sa araw na kailangang magdala ng baon. Hindi maaaring kumain ng meryenda kahit sa oras ng pahinga.

HALIMBAWA NG BAON.

✘ Inihahanda at inaayos ang baon ng bawat pamilya.



Simula ng klase sa hapon



Simula ng ika-5 klase. sa hapon may klaseng 1 ~ 2 oras.

Meeting bago uwian.
Club activities



Tingnan ang plano para sa susunod na araw at isulat ito sa schedule notebook, maaaring may club activities ang grade 5 • 6

UWIAN



Uuwi sa sariling tirahan. siguraduhing gawin ang assignment at ihanda ang mga dadalhin para sa susunod na araw.

✘Sa bahay, kailangang magkasamang tingnan ng magulang at anak ang schedule notebook at siguraduhin ang assignment at mga dadalhing bagay.

✘Ang grade 5 • 6 ay maaaring may club activities sa oras ng pahinga sa umaga at tanghalian o pagkatapos ng klase sa hapon. Iba sa bawat paaralan ang komite para kalusugan at komite para sa mga libro.



Halimbawa ng Gawain ng miyembro ng komite ng mga libro.

② ISANG ARAW NG ESTUDYANTE SA JUNIOR HIGH SCHOOL

[] : Pagpasok



Sa paaralan ng Japan, namumuhay ang lahat na sumusunod sa oras. ※Pakinggan ang paliwanag sa paaralan at isulat ang oras. Isuot ang uniporme ng paaralan sa pagpasok, at pagbutihing huwag mahuhuli sa klase. (Tingnan ang P. 20).

Maglalakad sa pagpasok at sa pag-uwi.

※Ipaalam kaagad sa paaralan kung hindi papasok (mahuhuli o maagang uwi) (Tingnan ang P. 30).


※Depende sa paaralan, pinapayagan ang mag-aaral na magbisikleta sa pagpasok kung malayo ang tirahan. Kung magbibisikleta, gumamit ng helmet, at mag-ingat sa daan.

[] :
Simula ng klase



Meeting sa umaga pagpapaalam ng Gawain sa 1 araw at magsasalita ang homeroom teacher. Palitan ang mga estudyanteng magiging EMCEE. Sa 1 buwan

ilang beses na magkakaroon ng pagtitipon sa umaga, pagtitipon ng mga estudyante, at academic year.



Ang meeting sa umaga

50 minutos ang isang klase. 5~6 na oras ang klase sa isang araw. 4 na oras ang klase sa umaga.

Sa gitna ng bawat klase ay may break time (10 minutos). Sa panahong ito naghahanda ang mga estuyante ay naghahanda para sa susunod na klase o lilipat sa sa ibang classroom, (science, music, PC, Cooking etc.)

[] :
School lunch



Iba ang sistema ng bawat Distrito • Paaralan, kaya magtanong sa paaralan.

Maaari ring pumunta ng banyo sa oras na ito.


May mga paaralan na ang lahat na estudyante ay makakahiling ng school lunch (ilang parte sa AoiKu, SurugaKu at ShimizuKu) At may mga paaralan na ang mga estudyante lamang na may pangangailangan ang makakahiling ng school lunch (Karamihang parte ng ShimizuKu)

※Ang bayad sa school lunch ay ¥4500 sa 1 buwan, At may mga itinakdang tagapagsilbi.

Ang mga tagapagsilbi ay kailangang magsuot ng puting apron at mask, ang gawain nila ay magdala at mamahagi ng mga pagkain.

Kailangang iwi ang ginamit na puting apron sa Biyernes, labhan ito sa bahay at ibalik sa paaralan sa Lunes.

※Iba bawat paaralan _____ puting apron at mask




[] : Paglilinis



May araw na magdadala ng baon. Tingnan sa P.32 ang tungkol sabaon "obento".

[] : Simula ng klase sa hapon.



: _____ Meeting bago mag-uwian ✖Para sa may pang 5 klase
Sisiguraduhin ang nilalaman ng pag-aaral, dadalhing bagay at homework at isusulat ito sa plan notebook, magsasalita ang homework teacher.

✖Para sa may pang 6 klase, simula ng _____ : _____
Club activities.

Uwian, Sasali sa club activities.

May estudyanteng umuuwi at hindi sumasali sa club activities.
Sa 1 buwan ilang beses na may pagtitipon bago uwian,
At student committee activities.,

Ang oras ng pagtapos ng club activities ay depende sa panahon, itanong sa paaralan ang ditalye nito.

[Halimbawa ng club activities] ✖Iba bawat paaralan

[Halimbawa ng Sports Club] Baseball Club(Lalaki) Soccer Club(Lalaki)
Basketball Club (Lalaki/Babae) Volleyball Club (Lalaki/Babae)
Tennis Club (Lalaki/Babae) Table tennis Club (Lalaki/Babae)
Track & Field Club Swimming Club Judo Club Kendo Club
Softball Club (Babae)


















[Halimbawa ng Culture Club]

Brass band club Arts Club Personal Computer Club Natural Science club

Ang layunin ng club activities ay hindi para lamang manalo sa mga tournament o makatanggap ng award, ngunit nakakapag-aral din upang malinang ang sariling kakayahan, at makasalamuha sa mga taong iba't iba ang edad.













Walang club activities sa araw ng Lunes. At may paaralan din na walang club activities sa araw ng Huwebes.

(2) HALIMBAWA NG PAMUMUHAY SA PAARALAN SA 1 TAON

	HALIMBAWA NG MABABANG PAARALAN	HALIMBAWA NG JUNIOR HIGH SCHOOL
ABRIL	<p>Opening ceremony • Seremonya para sa unang klase ng Unang semestre • Pagsukat ng paglaki ng katawan</p>  <p>Welcome ceremony para sa bagong Grade 1</p>  <p>Home visit</p>	<p>Opening ceremony • Seremonya para sa unang klase ng unang semestre • Pagsukat ng paglaki ng katawan</p>  <p>Welcome ceremony para sa bagong 1st year.</p>  <p>Pag-observa ng klase</p>  <p>Orientation ng club</p> <p>Pagsapi ng 1st year sa club</p> <p>PTA General meeting</p> <p>Home visit</p>
MAYO	<p>Pag-observa ng klase</p>  <p>Excursion</p>  <p>PTA General meeting</p> <p>Sports Festival</p>  <p>Pag-aaral tungkol sa trapiko</p>	<p>Study tour ng 3rd year</p>  <p>Job training ng 2nd year- 3 araw</p> <p>Pagtigil sa ibang lugar ng 1st year</p> 
HUNYO	<p>Pagtigil sa ibang lugar (pag-aaral tungkol sa kalikasan)</p>  <p>Pagsimula ng swimming</p> 	<p>Periodical test</p> 
HULYO	<p>Pag-uusap ng magulang at home room teacher</p>  <p>Simula ng Summer vacation</p>	<p>Pag-uusap ng magulang at home room teacher</p>  <p>Tournament ng Club</p> <p>Shizuoka City tournament (Junior High Sch.P.E. Union Tournament)</p> <p>Simula ng Summer vacation</p>

Mayroong study tour ang mga mag-aaral sa mataas na grado (Grade 6, 3rd year Junior high school).

Maraming mga events na sama sama ang mga mag-aaral kagaya ng sports festival, musical presentation at iba pa.

	HALIMBAWA NG MABABANG PAARALAN	HALIMBAWA NG JUNIOR HIGH SCH.
AGOSTO	Pagtatapos ng Summer vacation 	Club tournament Prefectural tournament (Music Club presentation) 
SETYEMBRE	Disaster prevention drill Pagtatapos ng swimming	Pagtatapos ng Summer vacation Disaster prevention drill Examination para sa pagcheck ng aralin sa summer vacation • Pagsiyasat ng kakayahan sa pag-aaral sa Shizuoka Prefecture 3 rd year 2 beses 1 taon Sports Festival 
OKTUBRE	Seremonya sa pagtapos ng pag-aaral sa unang semestre. Seremonya sa pagsimula ng pag-aaral sa pangalawang semestre. Study tour(Grade 6) 	Seremonya sa pagtapos ng pag-aaral sa unang semestre. Seremonya sa pagsimula ng pag-aaral sa pangalawang semestre. • Test ng lakas ng katawan Chorus Presentation
NOBYEMBRE	Musical Presentation Test ng lakas ng katawan  	Periodical test 
DISYEMBRE	Pag-uusap ng magulang at homeroom teacher Simula ng Winter vacation	Pagsiyasat ng kakayahan sa pag-aaral sa Shizuoka Pref.. Pag-uusap ng magulang at homeroom teacher Simula ng Winter vacation
ENERO	Pagtapos ng Winter vacation Pagsusulat sa bagong taon	Pagtapos ng Winter break • Pagsusulat sa bagong taon Pagsiyasat ng kakayahan sa pag-aaral sa Shizuoka Pref.(1 st yr • 2 nd yr)
PEBRERO	Pagtatakbo  	Entrance exam. para sa private Senior High Sch./Pagpahayag ng mga nakapasa sa Periodical test 
MARSO	Pagtitipon sa pagpapaalam sa grade 6 Seremonya ng pagtapos ng klase Graduation Ceremony Simula ng spring vacation 	Entrance exam. para sa public Senior High Sch./ Pagpahayag ng mga nakapasa Pagtitipon sa pagpapaalam sa 3 rd year Seremonya ng pagtapos ng klase Graduation Ceremony Simula ng spring vacation 

※Iba ang bawat paaralan. Magtanong sa paaralan ng ditalye.

4 ANO ANG SHIZUOKA CITY NIHONGO SHIDOU CENTER? (Center Para sa Pagtuturo ng Nihongo)

* Ito ay mga Klase sa Nihongo para sa mga bata.

1 Ano ang ginagawa sa Nihongo Shido Center?

Tinuturuan ng Wikang Nihongo ang mga naghahangad maag-aral na batang dayuhan o mga batang Japanese na tumira sa ibang bansa na nag-aaral sa mababang paaralan at Junior high school sa Japan. Pinapatnubayan din ang mga batang dayuhan na masanay sa pamumuhay sa paaralan. Bilang pangunahing tulong, pinapayuhan ang mga batang nagkakaroon ng suliranin sa pamumuhay sa Japan, nakikipag-usap sa magulang at sa homeroom teacher.

2 Nasaan ang Nihongo Shidou Center.

Center na nasa Pambayang Mababang Paaralan ng Morishita Para sa mga mag-aaral ng mababang paaralan sa Suruga ku at Aoi ku	Center na nasa Shizuoka Prefecture Educational Hall Para sa mga mag-aaral ng Junior High School sa Suruga ku at Aoi ku	Center na nasa Pambayang Mababang Paaralan ng Shimizu Udo Dai-ichi Para sa mga mag-aaral ng mababang paaralan at Junior High School sa Shimizu ku
---	---	---

3 Ilang mga dayuhang bata ang pumapasok sa Nihongo Shidou Center.

Humigit kumulang sa 50 katao ang kabuuang pumapasok na bata sa 3 center ngunit nagbabago ang bilang ng mga batang lumilipat galing sa ibang paaralan.

4 Ano ang gawain sa pagtuturo ng Nihongo?

May 2 uri ng pagtuturo: Una, ang pagtuturo sa klaseng may antas at ang ikalawa ay ang pagbisita at pagtuturo ng Nihongo sa paaralan at pagbibigay payo.

Pagtuturo sa klase Sa Nihongo Shidou Center, ginugrupo ang mga bata ayon sa kanilang kakayahan at tinuturuan ng guro 1 beses sa 1 lingggo. Sa isang klase 2 oras ang pagtuturo ng Nihongo. Ang mga batang taga Suruga ku at Aoi ku ay pinaghahati sa 2 klase. May pang Miyerkoles at may pang Huwebes. Para sa mga bata sa Shimizu ku, pang Huwebes ang Junior High school, at pang Martes • Miyerkoles namanang mababang paaralan.	Pagbisita at Pagtuturo sa Paaralan Bibisitahin ng guro ang dayuhang mag-aaral sa paaralan ng 10 beses sa 1 taon, tuturuan ng Nihongo ng 45 minutos para sa mababang paaralan at 50 minutos para sa Junior High school. Pag-uusapan ang bagay na ito ng bibisitang guro at ng paaralan. Iba iba ang bilang ng araw ng pagtuturo depende sa paaralan.
--	--

PAGPAPAYO

Pabibisitahin ng tagapayo ang mag-aaral na dayuhan sa paaralan upang magbigay ng payo ukol sa patakaran at pamumuhay sa paaralan. Pakikinggan din ang suliranin ng bata sa kanyang pag-aaral. Isasagawa ito nang mga 3 beses sa 1 taon.

5 May pagkakataon bang mag-observerba ang ma magulang sa klase ng Nihongo?

Isinasagawa ang pag-oobserverba ng magulang sa klase 1 beses sa isang taon sa buwan ng Mayo. Ipapadala ang sulat sa magulang sa pamamagitan ng homeroom teacher. Hinihiling po namin na bisitahin ninyo ang inyong anak sa klase ng Nihongo para Makita ang kanyang kalagayan. Pag-katapos ng pag-observerba, maaari ring makipag-usap sa guro para sa pag-aaral ng anak.

6 Oras ng klase sa Nihongo

Para sa klase sa Nihongo

Pareho sa lahat ng grupo sa kahit anong araw

Pagpasok sa klase 13 : 30 ~ 13 : 50 (14 : 00 sa Morishita Center)

Pumasok sa Center nang hindi nagmamadali.

- Maaaring maglakad o sumakay ng bus.
- Bawal ang pumasok na nakabisikleta, liban sa kung may kasamang magulang.
- Sisiguraduhin ng guro ng center kung pumasok sa klase ang bata.
- Kung hindi papasok o uuwi nang maaga, tumawag sa homeroom teacher at ang homeroom teacher naman ang tatawag sa Nihongo Shidou Center.
- Sa mga oras na ito isinasagawa ang pag-uusap ng guro at magulang, o pagbigay payo sa suliranin ng bata

*Mag-uusap ang magulang at guro sa simulang pagpasok ng bata sa Nihongo Shidou Center.
Tinitingnan din ang abilidad ng bata sa pakikinig o pagsulat sa Nihongo.

1 pagkklase 13 : 50 ~ 14 : 35 Klase sa Nihongo (Morishita Center: 14:00 ~ 14:50)

2 pagkklase 14 : 50 ~ 15 : 35 Klase sa Nihongo (" 15:00 ~ 15:45)

Pag-uwi 15 : 35 ~ 15 : 50 Uwian 15 : 50 (" 15:45 ~ 16:00)

7 Paano humiling sa pagpasok sa klase ng Nihongo?

Sulatan ang application form. Ibigay ito sa paaralang pinapasukan ng anak. Maaring idownload ang application form mula sa home page ng Shizuoka City Komite ng Edukasyon Seksiyon ng Edukasyon sa Paaralan. Ang application form ay nakasulat sa Wikang Portuguese, Spanish, Tagalog at Chinese. Makakapag-aplay sa pamamagitan ng paaralan. Ipapaalam ng paaralan sa magulang kung kailan ang unang araw na makakapasok ang bata sa klase ng Nihongo.

Shizuoka City, Komite ng Edukasyon, Seksiyon ng Edukasyon sa Paaralan,
Tagapamahala ng Pagpapalano.

Home page URL <http://www.gakkyo.shizuoka.ednet.jp/>

5 LISTA NG MGA SUMUSUPPORTANG TANGGAPAN

Q 1. Magpaparehistro bilang dayuhan. Nais kumuha ng sertipiko ng rehistro ng dayuhan.

A : Pumunta sa Tanggapan ng pamahalaan ng Ward na inyong tinitirhan at himiling sa Family Register and Residents Section(Koseki Juuminka)

Shizuoka City Hall Bukas	Aoiku Ward Office	Family Register & Residents Section	〒 420-8602 Aoiku, Outemachi5-1 Tel (054)221-1061 E mail ao-i-koseki@city.shizuoka.lg.jp
Lunes ~ Biyernes 8:30 ~ 17:15 Sarado	Surugaku Ward Office	Family Register & Residents Section	〒 422-8550 Surugaku, Minami Yakata Cho 10 -40 Tel (054)287-8611 E mail srg-koseki@city.shizuoka.lg.jp
Sabado • Linggo Pista Opisyal Year end	Shimizuku Ward Office	Family Register & Residents Section	〒 424-8701 Shimizuku Asahicho6-8 Tel (054)354-2126 E mail smz-koseki@city.shizuoka.lg.jp

Q 2. Nais kumunsulta tungkol sa edukasyon ng anak.

【Nais ipasok ang anak sa paaralan.】 【 Nagtatanong tungkol sa School District.】 【Nais lumipat ng paaralan.】

A : Magtanong sa Shizuoka City, Education Committee, School Affairs Section

Shizuoka City, Education Committee, School Affairs Section In charge	〒 424-8701 Shimizuku Asahicho 6-8 Shizuoka City Hall, Shimizu General Affairs Offices 9 fl. Tel. (054)354-2377] School Affairs Section E mail : gakuji@city.shizuoka.lg.jp Bukas Lunes~Biyernes 8:30 ~ 17:15 Sarado Sabado • Linggo • Pista Opisyal • Year end
---	--

【Nais pag-aralin ang anak.】

A : Magtanong sa Shizuoka City, Education Committee, School Affairs Section

Makakapag-aral ng Nihongo sa Shizuoka City Nihongo Shido Center

Maaaring bisitahin at turuan kung mahihirapang pumasok sa Nihongo Shido Center

Shizuoka City, Education Committee, School Affairs Section Planning Management In charge	〒 424-8701 Shimizuku Asahicho 6-8 Shizuoka City Hall, Shimizu General Affairs Offices 9 fl. Tel (054)354-2533 E mail gakkyo@city.shizuoka.lg.jp URL:http://www.gakkyo.shizuoka.ednet.jp/ Bukas Lunes~Biyernes 8:30 ~ 17:15 Sarado Sabado • Linggo • Pista Opisyal • Year end
--	---

Nihongo Shido Center	Aoiku • Surugaku Mag-aaral sa Junior High School Center sa Shizuoka Prefecture Education Hall	Aoiku Sunpu Cho1-12(hinihiram ang underground fl. Meeting room C) Tel. (054)252-1163 Makakapagtanong : Miyerkoles • Huwebes 12:30 ~ 13:50
	Aoiku • Surugaku Mag-aaral sa mababang paaralan Center sa Morishita Elementary School	Surugaku Morishita Cho 2-1 (hinihiram ang club house 2 fl.) Tel (054)285-3077 Makakapagtanong : Miyerkoles • Huwebes 12:30 ~ 13:50
	Simizuku Mag-aaral sa mababang paaralan At Junior High School Center sa Shimizu Udo Dai-ichi Elementary School	Shimizuku Udo Honcho 3-1 (may Nihongo Classroom sa 4 th floor) Tel (054)346-8040 Makakapagtanong : Martes • Miyerkoles • Huwebes 12:30 ~ 13:50

※tingnan ang P41 • 43

【Nais kumunsulta sa sariling wika.】

A Kumunsulta sa Shizuoka City Association for Multicultural Exchange 「S A M E」

Shizuoka City Association for Multicultural Exchange 「S A M E」 URL:http://www.samenet.jp/	Shizuoka Main office	〒 420-0853 Aoiku Outemachi 4-16 CCC 1fl. Tel (054)273-5931 FAX: (054)273-6474 Bukas Lunes~Biyernes 8:30 ~ 17:15 Sarado Sabado • Linggo • Pista Opisyal • Year end
	Shimizu branch	〒 424-8701 Shimizuku Asahicho6-8 Shimizu Ward Office 2 fl. Tel. (054)354-2009 FAX: (054)352-0334 Bukas Lunes~Biyernes 8:30 ~ 17:15 Sarado Sabado • Linggo • Pista Opisyal • Year end

【Nais malaman kung saan makakapag-aral ng Nihongo】

(Private school • classes • etc.)

A Kumunsulta sa Shizuoka City Association for Multicultural Exchange 「S A M E」

Mayroong lista ang 「S A M E」 ng mga klase sa Nihongo sa Lungsod.

6 学校への連絡カード PABATID PARA SA PAARALAN

※このページをコピーして使ってください。Kopyahin ang pahinang ito
 ※上（日本語版）と下の（フィリピン語版）は同じことが書いてあります。

【日本語版】 学校への連絡 1 _____ 月 _____ 日

- 今日は、学校を休みます。 遅刻します。
 早退します。 体育の授業を見学します。

理由

- 風をひきました。 けがをしました。
 けがの場所 [_____]
 熱があります。 [_____ °C] 病院へ行きます。
 頭痛がします。 腹痛がします。
 気分が悪いです。 家の都合です。
 その他 [_____]

_____ 年 _____ 組 名前 _____

Pareho ang nakasulat na bagay sa itaas sa Nihongo at sa ibaba sa Pilipino.

【Pilipino】 Pabatid para sa Paaralan 1
 Petsa _____

- Hindi papasok sa paaralan ngayon Mahuhuli nang pagpasok
 Uwi nang maaga Mag-oobserba sa P.E.

Dahilan

- May sipon Nasugatan
 Parteng nasugatan [_____]
 May lagnat [_____ °C] Pupunta sa pagamutan
 Masakit ang ulo Masakit ang tiyan
 Masama ang pakiramdam Pangyayari sa pamilya
 Iba pa [_____]

Grade/Year _____ Section _____ Pangalan _____

※このページをコピーして使^{つか}ってください。Kopyahin ang pahinang ito
※上^{うへ}（日本語版）と下^{した}の（フィリピン語版）は同じことが書^かいてあります。

Pareho ang nakasulat na bagay sa itaas sa Nihongo at sa ibaba sa Pilipino.

【日本語版】

学 校 へ の 連 絡 2

月 日

先生に相談したいことがあります。

相談の内容

- | | |
|--|---------------------------------------|
| <input type="checkbox"/> 子どもの教育について | <input type="checkbox"/> わからないことがあります |
| <input type="checkbox"/> 家庭について | <input type="checkbox"/> 転出します |
| <input type="checkbox"/> 言葉について | <input type="checkbox"/> 持ち物のこと |
| <input type="checkbox"/> 面接・家庭訪問日時について | <input type="checkbox"/> 集金について |
| <input type="checkbox"/> その他〔 | 〕 |

年 組 名前

【Pilipino】

Pabatid para sa Paaralan 2

Petsa _____

Ikukunsultang bagay sa guro.

Nilalaman

- | | |
|--|--|
| <input type="checkbox"/> Tungkol sa edukasyon ng anak | <input type="checkbox"/> May bagay na hindi nauunawaan |
| <input type="checkbox"/> Tungkol sa pamilya | <input type="checkbox"/> Maglilipat |
| <input type="checkbox"/> Tungkol sa wika | <input type="checkbox"/> Mga dadalhing bagay |
| <input type="checkbox"/> Tungkol sa interview, araw at oras ng pagbisita ng guro | <input type="checkbox"/> Tungkol sa pagkolekta ng pera ng paaralan |
| <input type="checkbox"/> Iba pa〔 | 〕 |

Grade/Year Section Pangalan

※このページをコピーして使^{つか}ってください。Kopyahin ang pahinang ito
※上（日本語版）と下の（フィリ^{おな}ピノ語版）は同じことが書いてあります。

Pareho ang nakasulat na bagay sa itaas sa Nihongo at sa ibaba sa Pilipino.

【日本語版】

学 校 か ら 家 庭 へ 1 月 日

_____ 様

() 月分の諸会費の銀行口座からの引き落としができませんでした。

金額 [] 円

() 月 () 日までに口座に入金してください。

() 月 () 日までに学校にお金を持ってきてください。

静岡市立 _____ 学校

【Pilipino】

Pabatid para sa Magulang 1 Petsa _____

Mr./Mrs _____

() buwan. Hindi nakuha ng paaralan sa inyong bank account ang halagang panggastos para sa nakasulat na buwan.

¥ []

() Buwan () araw, ipakilagay ang halaga sa inyong bank account hanggang sa nakasulat na petsa.

() Buwan () araw, pakidalhin ang halaga sa paaralan hanggang sa nakasulat na petsa.

Shizuoka City _____ School

※このページをコピーして使^{つか}ってください。Kopyahin ang pahinang ito
※上^{うへ}（日本語版）と下^{した}の（フィリピノ語版）は同じことが書^{おな}いてあります。

Pareho ang nakasulat na bagay sa itaas sa Nihongo at sa ibaba sa Pilipino.

【日本語版】

学 校 か ら 家 庭 へ 2 月 日

月 日（1日のみ） 月 日～ 月 日

- 学校はお休みです。 学級閉鎖をします。
 給食はありません。 ____ 時 ____ 分ころ下校です。
 休日ですが授業があります。 ____ 時 ____ 分に始業です。
 今から家庭に帰します。

【理由】

- 行事の振り替え休日のため 行事のため
 日課変更のため 行事名（ _____ ）
 気象警報発令のため 集団かぜのため

【Pilipino】

Pabatid para sa Magulang 2

Petsa _____

(_____) Buwan (_____) araw, (1araw) (_____) Buwan (_____) araw ~ (_____) Buwan (_____) araw

- Walang pasok Sarado ang paaralan
 Walang school lunch ____ : ____ min. uwian
 Pista opisyal ngunit may klase ____ : ____ min. simula ng klase
 Pauwiin ang mag-aaral mula sa oras na ito.

【Dahilan】

- Ipinagpalit na araw na walang pasok Dahil sa school event
 Dahil sa pagbago ng klase pangalan ng event (_____)
 May babala dahil sa panahon Dahil sa maraming may sipun

家庭・学校連絡カード contact information

Gagamitn ang card na ito upang maunawaan ang kalagayan ng bata at ng pamilya, para sa higit na tamang pagtuturo. Sulatan po ito at ibigay sa homeroom teacher. Hindi gagamitin ang personal na impormasyon ng bata na nasa card sa ibang layuning liban sa pagtuturo sa paaralan. At sa pagtapos ng pag-aaral ng bata kaagad na buburahin ito.

		Petsa ng kapanganakan	
Pangalan ng mag-aaral		Taon	Buwan Araw
Address	Shizuoka City Ku		
		Tel. Number	
Pangalan ng mag-aaral			
Taong tatawagan sa oras ng emergency		Pangalan ng taong tatawagan	Relasyon sa bata
	①		
	②		
Katayuan sa pamilya ※ Isulat ang pangalan ng taong kasama sa tirahan.		Pangalan ng miyembro ng pamilya	Relasyon sa bata
			Pangalan ng pinagtatrabahuhan /school
Isulat po ang mga bagay tungkol sa bata at pamilya na nais ipaalam sa paaralan at sa homeroom teacher. (Kalagayan ng pamilya, sakit, pagkaing masama sa katawan, hobby/ skill, relasyon sa kaibigan at iba pa.)			

緊急連絡カード EMERGENCY CONTACT INFORMATION

Gagamitin ang card na ito para sa mabilisan at akmang hakbang sa pagtawag sa magulang sa oras na nagkasakit o nasugatan ang anak. Pakisulatan ang card na ito at ibigay sa homeroom teacher.

Hindi gagamitin ang personal na impormasyon ng bata na nasa card sa ibang layuning liban sa pagtuturo sa paaralan. At sa pagtapos ng pag-aaral ng bata kaagad na buburahin ito.

		Grade/Year	Section	Number
		Petsa ng kapanganakan		
Pangalan ng mag-aaral		Taon	Buwan	Araw
Address	Shizuoka City Ku			
		Tel Number		
Pangalan ng magulang				
Taong tatawagan Sa oras ng emergency		Pangalan ng taong tatawagan	Relasyon sa bata	Tel Number
	①			
	②			
Isulat ang pangalan ng kapatid na nag-aaral sa paaralang ito.		Pangalan ng kapatid	Relasyon sa bata	Grade/Year · Section
				Grade/Year Section
				Grade/Year Section
Isulat ang tungkol sa kalagayan ng katawan o sakit ng inyong anak na nais ninyong ipaalam sa paaralan o sa homeroom teacher. (Sakit, pagkaing masama sa katawan, kondisyon ng katawan, pangalan ng pinupuntahang pagamutan at iba pa.)				
May karanasan ka na ba na magkasakit nang mabigat? (Mayroon, Wala) May pagkain bang masama sa iyong katawan? (Mayroon Wala) →Kung mayroon, anong pagkain? May nakatakda bang pagamutan ang inyong pamilya? (Mayroon Wala) →Kung mayroon, ano ang pangalan ng pagamutan?				
Pakisulat ang bagay na nais ninyong ipaalam sa paaralan.				

Kopya ng sertipikasyon ng health insurance

Pangalan ng health insurance (Uri)				
Health insurance code & number	Code		Number	
Pangalan ng miyembro ng Health insurance Society				
Number ng nakainsured		Pangalan ng na kainsured		

※Kung may babaguhin sa mga nakasulat na bagay, magbigay muli ng panibagong card sa homeroom teacher.

